ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLVI Blg. 13
Oktubre 21, 2015
www.philippinerevolution.net

Editoryal

Ilantad ang bulok na eleksyong 2016

Ang darating na eleksyong 2016 ay walang pinagkaiba sa nakaraang mga reaksyunaryong eleksyon. Sa kaibuturan, isa itong paligsahan sa pulitika ng mga naghaharing uri para piliin kung sino sa kanila ang tatangan ng kapangyarihan ng estado, partikular na ang Malacañang, Senado at Kongreso, at gayo'y mamahala sa malakolonyal at malapyudal na sistema.

Ang kampanyang eleksyon ay isang malaking karnabal ng mga payasong pulitiko. Lumilikha ito ng malaki at maingay na palabas upang kunin ang atensyon ng mamamayan at bigyan sila ng panandaliang aliw. Kaliwa't kanan ang mga pasiklab at pangako ng mga pulitiko at partido.

Ginagamit ng mga reaksyunaryong naghaharing uri ang eleksyon para palabasing demokratiko at may papel ang mamamayan sa pag-iral ng pabigat, mapang-api at mapaniil na estadong nakapataw sa kanila. Ikinukubli nito ang katotohanang ang buong estado at naghaharing sistemang pampulitika ay mga instrumento ng makauring paghahari na nasa kontrol ng mga burgesyang komprador at malalaking panginoong maylupa at nagsisilbi sa interes ng imperyalismong US.

Ang bulok na reaksyunaryong eleksyon ay salamin ng nagnanaknak na naghaharing sistema. Isa itong pagpipilipit at pagbabaluktot sa kahulugan ng demokrasya at sa demokratikong hangarin ng bayan. Sa reaksyunaryong eleksyon, hindi kapasyahan ng mamamayan ang tunay na nananaig.

Pabor at nananaig sa buong sistema ng eleksyon ang mga partido at pulitiko ng naghaharing uri na may kontrol sa limpak-limpak na salaping nagmula sa pagsasamantala, o sa kurakot sa burukrasya o mga gawaing kriminal—o mula sa lahat nang ito. Ang reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas ay pinaghaharian at kinokontrol ng malalaking burgesyang komprador, mga panginoong maylupa at ang mga amo nitong imperyalistang Amerikano.



Ang bulok na eleksyon sa Pilipinas ay lalo pang nabubulok sa pagtatangka ng mga nagriribalang paksyon na gamitin ang iba't ibang maruruming taktika upang makontrol o itakda ang resulta ng eleksyon. Namumudmod sila ng salapi upang gawing kalakal ang boto na kanilang binibili o pwersahang kinukuha gamit ang kanilang mga armadong maton.

Lalo pang nabubulok ang reaksyunaryong eleksyon sa Pilipinas dahil sa paggamit ng dekompyuter na sistema ng pagbibilang na kinokontrol ng mga pribadong kumpanyang dayuhan. Sa paggamit ng dekompyuter na sistema ng pagbibilang, ang eleksyon ay naging lalong di-demokratiko dahil inalis nito sa kontrol ng mamamayan ang pagbibilang ng boto.

Ang dekompyuter na sistema ng pagbibilang ng boto ay itinulak ng US ilang taon na ang nakaraan. Sa pamamagitan ng kontrol nito sa teknolohiya at mga kumpanya sa likod ng mga makina, nagagawa ng US na itakda ang mismong resulta ng eleksyon. Kaya naman lalo pang lumakas ang kapangyarihan ng US sa lokal na pulitika at lalong naging mapagsumamo ang mga tuta nitong

pulitiko.

Ang eleksyong 2016 ay nais gamitin ng imperyalismong US para iluklok ang bagong gubyernong patuloy na magtataguyod sa doktrina at programang kontra-insurhensya nito. Ito rin ang layunin ng US nang isagawa nito ang manipulasyon ng upinyong publiko at ng mismong eleksyong 2010 para iluklok si Aquino na inilarawang "malinis" at "kontra korapsyon" upang gawing katanggap-tanggap ang mga sagad-sagaring anti-mamamayang patakaran at ang todo-lupit na gerang Oplan Bayanihan.

Dapat ilantad at itakwil ng mga pwersang pambansa-demokratiko ang eleksyon bilang isang malaking kabulastugan at panloloko sa bayan. Dapat gamiting pagkakataon ang eleksyon para pukawin ang malawak na mamamayan sa pangangailangang isulong ang rebolusyonaryong pakikibaka para wasakin ang naghaharing bulok na sistema at itayo ang bagong sistema sa ilalim ng demokratikong kapangyarihan ng bayan at pamumuno ng uring manggagawa.

Tulad sa nakaraan, ang paglahok ng ilang pambansa-demokratikong pwersa sa halalan upang makapagluklok ng mga makabayan at progresibong pwersa sa parlamento ay maaaring gawin upang makuha ang bentahe nito para sa pagsusulong ng mga demokratikong pakikibakang masa.

Ang mga makabayan at demokratikong partidong kumakatawan sa interes ng taumbayan ay tuwirang kabaligtaran ng mga reaksyunaryong pulitiko. Sa loob ng parlamento, sila ang Kaliwang oposisyon na walang maliw na nagtataguyod sa interes at kapakanan ng masang anakpawis.

Itinataguyod nila ang makabayang interes laban sa dayuhang panghihimasok militar, nagsusulong ng demokratikong pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa at mga patakaran para sa pambansang industriyalisasyon, kumokontra sa mga patakarang neoliberal at nagtataguyod sa karapatang-tao at katarungang panlipunan.

Dapat gamitin ng mga makabayan at demokratikong pwersa ang panahon ng eleksyon upang makipagkaisa sa pinakamalawak na pwersa upang ihiwalay at labanan ang naghaharing pangkating Aquino sa pambansang antas, at ang sagadsaring mga reaksyunaryo sa iba't ibang antas.

Dapat pakilusin ang malawak na mamamayan at lahat ng pwersa upang labanan ang mga tangka ni Aquino na palawigin ang sarili sa poder sa pamamagitan ng paglulukok ng magtataguyod sa kanyang "daang matwid" at magliligtas sa kanya sa pananagutan sa kanyang pagtatraydor sa pambansang kalayaan, mga paglabag sa karapatang-tao at iba't ibang krimen at kasalanan sa bayan.

Dapat ding gamitin ang gayong malapad na pakikipagkaisa upang maabot ang pinakamalawak na mamamayan at magkamit ng maksimum na bentahe para ipwesto ang kanilang mga partido sa reaksyunaryong kongreso.

Mahalaga ring samantalahin ang panahon ng eleksyon upang organisahin ang pinakamalawak na bilang ng mamamayan at konsolidahin sila sa pamamagitan ng paglulunsad ng masiglang pambansa-demokratikong kilusang propaganda at pag-aaral, at pagpapalawak ng mga organisasyong masa.

Dapat pairalin ng BHB ang mga patakaran ng demokratikong gubyernong bayan sa usapin ng kondukta ng pagkakampanya ng mga pulitiko kabilang ang pagbabawal sa pagdadala ng mga sandata, at pagbabawal sa pagsama ng mga armadong sundalo, pulis at maton

ANG Bayan

Tomo XLVI Blg. 13 | Oktubre 21, 2015

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Hiligaynon, Waray at Ingles. Maaari itong i-*download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa *www.philippinerevolution.net*

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: *cppinformationbureau@gmail.com*

Nilalaman

Editoryal: Ilantad ang bulok na eleksyong 2016	1
Ingay at maniobra ng mga pulitiko	3
APEC: Perwisyo sa mamamayan	4
NSS: Africa at India	6
Gera kontra-Lumad, walang awat	8
Militarisasyon sa Bohol, Samar	9
Sibilyan bilang kombatant	9
Panggigipit sa Cagayan Valley	10
Pang-uupat ng US sa SCS	10
13 kaswalti sa mga aksyon ng BHB	11
Pagpaslang kay Laude, ginunita	11
Ospital, binomba ng US	12
Krisis ng mga refugee	12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

bilang pwersang panseguridad at iba pa. Layunin nitong tiyakin ang kaayusan at ang kapakanan ng mamamayan. Dapat obligahin ang lahat ng partido at pulitiko na kumuha ng permiso sa mga lokal na rebolusyonaryong awtoridad upang tiyakin ang pagtalima sa mga patakarang ito at para sa koordinasyon ng kanilang mga aktibidad.

Dapat tiyakin ng mga rebolusyonaryong pwersa na mas marami ang mamumulat at mapalalahok sa demokratikong rebolusyong bayan. Dapat tiyakin na lalong mapabibilis ang pagrerekrut ng bagong Pulang mandirigma mula sa malawak na masang mapapakilos at mapupukaw sa panahon ng eleksyon.

Higit na mahalaga, dapat samantalahin ng BHB ang pagkabatak ng mga yunit ng AFP at PNP sa panahon ng reaksyunaryong eleksyon upang makapaglunsad ng mas madalas at mas maraming mga taktikal na opensiba. Kaakibat nito, dapat puspusang magsagawa ng kampanyang edukasyon at propaganda, gayundin, upang ipagtanggol ang interes at kapakanan ng mamamayan, partikular na sa mga teritoryong nasa ilalim ng rebolusyonaryong awtoridad. AB

Eleksyong 2016

Ingay at maniobra ng mga pulitiko

Lumarga na ang reaksyunaryong eleksyong 2016. Nitong nakaraang linggo, nagpalista na ang mga kandidato sa pagkapangulo at pangalawang pangulo, pagkasenador, kongreso at mga upisyal ng lokal na pamahalaan.

Kabilang sa mga nagpalista bilang kandidato sa pagkapangulo at pangalawang pangulo sina Mar Roxas at Leni Robredo ng Liberal Party (LP), Grace Poe at Francis "Chiz" Escudero na suportado ng Nationalist Party Coalition, si Jejomar Binay at Gregorio "Gringo" Honasan ng United Nationalist Alliance at Miriam Defensor-Santiago ng People's Reform Party at Ferdinand "Bongbong" Marcos ng Nacionalista Party. Ang matagal na napapabalitang tatakbo na si Mayor Rodrigo Duterte ng Davao City ay nagpatalang muling tatakbong meyor. Sa kabuuan, may 130 naghain ng kanilang kandidatura para sa pagkapresidente, at 19 para sa bise-presidente.

Todo na rin ang ingay ng mga reaksyunaryong kampanya. Bagaman sinasabing bawal pa ang pagkampanya, maya't maya na ang paglabas ng mga patalastas sa radyo at telebisyon, mga poster at iba pa. Malinaw na ang reaksyunaryong eleksyon ay isang paligsahan sa dami ng salapi ng mga kandidatong pulitiko at partido.

Mga partido sa blokeng Makabayan

Sa lahat ng mga kandidato at partido, natatangi ang blokeng Makabayan sa mga lumalahok sa eleksyong 2016. Ang Makabayan ay binubuo ng mga progresibo at pambansa-demokratikong partidong kumakatawan sa interes ng iba't ibang mga sektor, kabilang ang Bayan Muna, Anakpawis Party, Kabataan Partylist, Gabriela Women's Party, Migrante Party, Sulong Katribu, Akap-Bata, Piston, Kalikasan at Aking Bikolnon.

Kabilang sa mga nagpatala noong Oktubre 12 bilang kandidatong pagkasenador si Rep. Neri Colmenares ng Bayan Muna at blokeng Makabayan. Umabot sa 4,000 ang dumalo sa kumbensyon ng Makabayan noong Setyembre 30 na isinagawa sa San Andres Sports Complex sa Malate, Manila. Dito idineklara ang plano ni Colmenares na tumakbo. Dumalo roon sina Sen. Grace Poe, Francis Escudero at Joseph Estrada na nakiisa at inendorso ang kandidatura ni Colmenares.

Malawakang pandaraya, inihahanda ng LP

Samantala, inilantad ni Kabataan partylist Rep. Terry Ridon na naghahanda ang naghaharing LP ng kampanya para walang makalaban ang kandidato sa pagkapangulo ni Mar Roxas, sa pamamagitan ng paggamit ng makinarya para mawala ang posibleng mga banta.

Ipagpapatuloy ng umano'y plataporma ng "tuwid na daan" ang "maruming taktika" para manatili ang kapangyarihang pampulitika sa pamamagitan ng tagumpay ni Roxas sa anumang paraan. Makikita ito, ayon kay Ridon, sa pamamaraan ng LP na takutin ang mga kalaban at sa paulit-ulit na pananakot at pandaraya sa botohan.

Sinuportahan ang paninindigan ni Ridon na ito ni Mayor Duterte, na namiling hindi na lamang sumali sa paligsahan sa pagkapresidente dahil sa mabagsik na kampanyang paninira na inilunsad laban sa kanya na natukoy niyang nagmula sa kampo ng LP.

Ayon kay Duterte, isa sa mga tagapagsalita ni Roxas ang unang nagkalat ng tsismis na mayroon siyang kanser sa lalamunan.

Higit na nakakabahala, ayon kay Ridon, ay ang potensyal ng "malawakang pandaraya" sa darating na halalan dahil sa inihahandang kasunduan ng Comelec sa Smartmatic-Total Information Management (TIM) kung saan uupa ng 93,977 bagong makina para sa pambansang halalan.

Tinawag ni Ridon ang mga makinang Optical Mark Readers (OMR) na uupahan ng Comelec bilang mga makinang "Oh-Em-Mar". AB

Apec sa Manila:

Pasikat sa dayuhan, perwisyo sa mamamayan

Sa gitna ng pagkasadlak sa krisis ng pandaigdigang kapitalistang sistema, magarbo ang mga plano ng rehimeng US-Aquino para sa pulong ng mga lider ng Asia Pacific Economic Cooperation (APEC) sa Nobyembre sa Maynila.

Mahigit 2,500 tauhang pantrapiko at pang-*emergency* ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) ang itatalaga. Minamadaling tapusin ang Ninoy Aquino International Airport elevated expressway, ang pag-aayos ng mga kalsada at tulay na dadaanan ng mga delegado at iba pang impraistruktura para sa APEC. Tatlong bagong-biling helikopter na Bell-412 ang nakahandang gamitin.

Milyon na ang nilustay na pampublikong pondo sa mahigit 70 iba't ibang pulong sa Clark, Subic, Boracay, Cebu, Iloilo City, Tagaytay, Laoag, Bataan, Manila at Makati mula pa noong Enero bago ng magarbong APEC Economic Leader's Meeting sa Nobyembre.

Sa Senior Official's Meeting sa Panay noong Mayo at Setyembre, P5 milyon ang ginastos sa tirahan ng mga bisita. Gumamit ng 5,000 sundalo at pulis bilang seguridad sa Boracay at Iloilo City. Nagtayo ng detatsment ng AFP pati sa paliparan. Minadaling tapusin ang maanomalyang P700-milyong gusali ng Iloilo Convention Center para gamitin sa APEC.

Sa kabila ng mga ipinamamaraling pakinabang ng Pilipinas dito, walang matatamo ang bayan sa ibayong globalisasyong tulak ng APEC kundi dagdag na pandarambong ng mga dayuhang korporasyon at dagdag na pahirap sa mamamayan.

Paglala ng ekonomya ng Pilipinas dulot ng globalisasyon

Bumagsak nang husto ang lokal na produksyon sa Pilipinas mula noong dekada 1980 nang ipatupad ang mga patakaran sa ilalim ng structural adjustment program na ipinataw ng World Bank. Bago nito, ang mga produktibong sektor ng agrikultura, manupaktura, konstruksyon at pagmimina ang bumubuo ng 60% ng Gross Domestic Product (GDP o kabuuang lokal na produksyon). Noong 2000, 48% na lamang ang bahagi nito sa GDP at 29% noong 2010-2014.

Ang ekonomya ng Pilipinas ngayon ay mas binubuo ng serbisyo at kalakalan sa halip na produksyon. Ito ang dahilan kung bakit napakataas ng tantos ng kawalang hanapbuhay at pagdarahop. Ang tantos ng paglaki ng empleyo noong bago ang "globalisasyon" ay tumataas mula 2.7% noong dekada 1960 tungong 4.1% noong dekada 1970. Humina ito sa 2.8% noong dekada 1980 hanggang 2.3% na lang noong 2010-2014. Ang huling limang taong ito ang may pinakamababang pagpapalitaw ng hanapbuhay sa buong kasaysayan ng bansa.

Ipinagmamalaki ng rehimeng Aquino ang mataas na tantos ng GDP (7-8%) ay tanda diumano ng kasaganahan. Ngunit taliwas dito ang napakataas na disempleyo at napakaraming nangingibang-bayan para maghanap ng trabaho. Walang-tigil ang pagdarahop ng mamamayan. Kabaligtaran nito ang kagila-gilalas na yaman ng iilang pamilya at gahiganteng tubong hinahakot ng ilang lokal at dayuhang korporasyon.



Sa nakaraang mga pulong ng mga grupo ng APEC dito sa Pilipinas mula pa noong Enero, hibang na ipinagbubunyi ng mga upisyal pangekonomya ng rehimen ang naitulak nilang mga hakbang na tinanggap daw ng APEC. Planong pagtibayin ang mga ito sa pulong ng mga lider ng APEC sa Nobyembre 17-19.

Sa ngalan ng integrasyon sa ASEAN, *transparency* at kung anuano pang islogan ng mga elitistang ekonomista, higit pang binubuksan ang iba't ibang larangan ng ekonomya ng Pilipinas, tulad ng pinansyang pangkonsumo, langis at gas, pangangalagang pangkalusugan, kuryente, produktong pangkonsumo, transportasyon at edukasyon na kung buksan raw ay pwedeng magpalitaw ng $3.2-$5.4 trilyon taun-taon. Humihingi lang sila ng mumo sa mga kapitalista na isaalang-alang ang "inclusive growth" (pag-unlad na nakikinabang ang lahat) upang masakop ang Pilipinas. Kasuluk-sulukan ng ekonomya ng Pilipinas ay ibinubukas na sa dayuhang pandarambong.

Pagsakop sa lokal na negosyo at murang lakas-paggawa

Ipinahayag sa Boracay Action Agenda ng APEC noong Mayo at ng Iloilo Initiative noong Setyembre ang layuning isailalim sa "globalisasyon" ang maliliit hanggang panggitnang mga negosyo o tinaguriang Micro, Small and Medium Enterprises (MSME) upang makalahok diumano sa panrehiyon at pandaigdigang pamilihan bilang bahagi ng "pandaigdigang kadena ng suplay".

Ang mga MSME ay bumubuo ng tinatayang 97% ng lahat ng rehistradong nego-

syo sa Pilipinas. Tanda ng pagkaatrasado ng ekonomya ng Pilipinas na 60% ng pwersa ng paggawa ay nasa mga MSME at nag-aambag ang mga ito ng humigit-kumulang sangkatlo ng GDP ng bayan.

Sa biglang tingin, wari'y layunin ng APEC ang paunlarin ang maliliit na negosyo. Ngunit dahil ang pandaigdigang proseso ng produksyon ay dominado ng malalaking korporasyong transnasyunal (TNC), ang plano ng APEC sa mga MSME ay ipapailalim lamang ang mga ito sa mga TNC bilang mga subkontraktor o tagapagsuplay ng hilaw o malamanupakturang produkto.

Layunin ng planong ipailalim sa "pandaigdigang kadena ng suplay" ang mga MSME ang padulasin ang pagsasamantala ng mga dayuhang monopolyo kapitalista sa lokal na murang lakas-paggawa at mga yamang agrikultural, mineral at enerhiya. Ipinapataw nito sa mga MSME ang mga rekisito sa paggamit ng materyales, tubig, panggatong at mga pandaigdigang pamantayan sa kalusugan at kalikasan para sabihing "katanggap-tanggap" ang kanilang mga produkto sa internasyunal na merkado. Tututukan ang sektor ng manupaktura ng sasakyan at pyesa ng sasakyan, ang *pulp* at papel, plastik, maramihang pabahay, tanso at muwebles. Bibigyang pansin ang pagsaklaw sa mga lokal na komunidad sa kanayunan.

Ang mga ipinapataw na pamantayan at rekisito ay magpapahigpit ng kontrol ng mga TNC sa maliliit na manupaktura, komersyo at produksyong agrikultural na pagmamay-ari ng lokal na mga negosyante. Ang mga ito'y pabigat na malao'y tuluyang papatay sa pambansang burgesya, pati na sa maliliit na negosyante at mga magsasaka. Lalong hihigpit ang kontrol ng dayuhang malalaking kapitalista sa lupa at karagatan.

Lalo pang magiging imposible ang nagsasariling pagunlad ng lokal na mga MSME dahil tinatanggal ang aktibong suporta ng estado sa mga ito. Pinatatanggal ang magaan na pautang at pribilehiyo sa buwis, proteksyon sa kalakalan at pagtulong sa eksport, pagkiling ng gubyerno sa kanila sa mga bibilhing produkto, sapilitang *technological transfer,* at iba pang hakbang na katulad ng ginawa ng US, Japan, China at iba pang industriyal na bansa nang nagpapalakas pa lamang sila, at patuloy nilang ginagawa ngayon sa iba't ibang antas.

Ibayong pribatisasyon

Sa 10-taong Cebu Action Plan na tinalakay noong Setyembre, ipinanukala ang pagtatayo at pagpapatibay ng sistema kung saan ang isang kumpanyang dayuhan na nakapasok na sa programang Public-Private Partnership (PPP) ng isang bansang kasapi ng APEC ay hindi na kailangang dumaan sa maraming rekisito para makapasok sa PPP ng iba pang bansang kasapi rin nito. Sa pagtaya ng Asian Development Bank, aabot sa $800 bilyon tauntaon ang kailangan para sa impraistruktura sa rehiyon.

Noong Oktubre, isinama sa pulong ng APEC ang 27 punong upisyal ng malalaking kumpanya sa enerhiya para sa lalong pagpapahigpit ng PPP sa mga bansa ng APEC. Kabilang sa bibigyang-pansin sa PPP ang magkaugnay na enerhiya-tubig, ang eko-turismo, panrehiyong mga pamantayan sa produkto at serbisyo, imbentaryo at pagmamapa ng mga rekursong enerhiya, at pagsasanay sa tauhan.

Target din na palakihin ang pamumuhunan sa enerhiyang *renewable* tulad ng mula sa tubig, araw (solar) at hangin. Planong doblehin ito mula 2010 hanggang 2030. Mayroon nang 682 aprubadong aplikasyon ng mga interesadong dayuhan at lokal na mga kapitalista sa pagtatayo ng mga planta ng kuryente na may potensyal na kapasidad na 13,600 megawatts.

Ibayong liberalisasyon sa kalakalan at import

Nagkaisa noong Setyembre ang 21 kasapi ng APEC na simulan na sa darating na taon ang limang-taong Renewed APEC Agenda for Structural Reforms. Pumapatungkol ito sa pagbabago ng mga patakaran ng gubyerno upang paluwagin ang mga pang-ekonomyang transaksyon at alisin ang natitirang mga regulasyon na pumipigil sa pagtatayo ng negosyo sa mga bansa.

Hihimukin nito ang "kumpetisyon" sa tinaguriang "tatlong haligi": mas bukas na pamilihan; mas malalim na pagsaklaw sa lahat ng bahagi ng lipunan kabilang ang mga MSME; at epektibo at may tiyak na target na mga patakarang panlipunang sumusuporta sa nabanggit sa una.

Hinahangad nito ang 10% pagluwag sa limang erya: sa pagkuha ng lisensya sa pagnenegosyo, pag-aayos ng mga permit sa konstruksyon, kalakalan sa pagitan ng mga bayan, pangungutang at pagpapatupad ng mga kontrata.

Matagal nang idinaraing ng mga magsasaka ang kawalan ng suporta ng gubyerno sa kanilang produksyon at pagbagsak ng presyo ng produkto dahil sa pagdagsa ng produktong agrikultural mula sa ibang bansa. Lalo pa itong lalala sa planong pagbubukas sa higit na liberalisasyon. Halimbawa lang ang inireklamong mais mula sa Argentina na dapat ay 35% hanggang 50% ang taripa ngunit napapamura nang husto dahil nagiging 5% na lang ang taripa kapag idinaan sa Byetnam na myembro ng APEC.

Dagdag na paghigop sa yamang-dagat

Ang High Level Policy Dialogue on Food Security and the Blue Economy sa Iloilo noong Oktubre ay nagbigay diin sa pagpapaunlad ng agribisnes para diumano sa seguridad sa pagkain at pag-unlad na saklaw ang lahat, lalo na sa sektor ng pangingisda. Pero kabaliktaran nito ang magiging resulta ng mga hakbang ng APEC.

Sa ilalim ng inamyendahang Fisheries Code, ang malalaking lokal at dayuhang komersyal na mangingisda lamang ang makikinabang sa mga pangisdaan at suplay ng isda ng bayan.

Mula 2012, may kabuuang $808.8 milyon ng produktong dagat ng Pilipinas ang pinakinabangan ng European Union (EU), US, Japan at iba pang maunlad na bayan. Nagluluwas ang bayan ng P8 bilyong halaga ng isda, gulaman at iba pang produktong dagat sa EU taun-taon, habang pumapaimbulog ang presyo ng isda sa loob ng bansa.

Layunin ng tinaguriang "Blue Economy" na itaguyod ang patakaran ng produksyong nakaasa sa import at nakatuon sa eksport habang pinapatay ang lokal na produksyon. Magreresulta ito sa pagkasaid ng yamang-dagat at kahirapan ng 56 na milyong Pilipinong umaasa sa isda bilang pangunahing pinagkukunan ng protina.

Nasa rehiyong Asia-Pacific ang dalawang-katlo ng produksyon sa isda at 90% ng produksyon ng aquaculture. Siyam sa sampung pinakamalalaking prodyuser ng isda sa daigdig ay mga bansang APEC. Kasabay nito, ang mga bansa sa rehiyon ng APEC ay komokonsumo ng pagkaing dagat na 65% mas mataas kaysa karaniwang kinakain sa ibang lugar sa daigdig.

Layunin ng rehimeng US-Aquino na mapataas pa ang kita mula sa yamang-dagat, na sa kasalukuyan ay mas malaki kaysa eksport na mula sa kagubatan o agrikultura. AB

Ang pagnanasa ng US sa Africa at India

[Ito ang ikaapat sa serye ng mga artikulo na inilalabas ng Ang Bayan na tumatalakay sa National Security Strategy ng US.]

Habang nakatuon ang pangunahing pansin ng US sa pagpapatibay at pagpapalawak ng kapangyarihan nito sa Asia, sa pagharap, pakikipagsabwatan at pakikitunggali sa China at Russia, tuluy-tuloy rin itong nakatingin sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita sa NSS kung papaanong pinagnanasahan nito ang malawak na pamilihan at yaman ng Africa at India.

Lumalawak na pamumuhunan at pwersang militar ng US sa Africa

Sa taya ng US, ang Africa ay magiging mayor na sentrong pang-ekonomya sa hinaharap. Anang NSS: "Sumisibol ang Africa. Maraming bansa sa Africa ang matatag na nagpapalago ng kanilang mga ekonomya, nagpapaunlad ng demokratikong pamamahala at sumusuporta sa mga karapatang-tao at saligang mga kalayaan."

Dagdag nito, "Patuloy nating susuportahan ang mga kumpanyang Amerikano para palalimin ang pamumuhunan nila sa posibleng maging susunod na mayor na sentro ng pandaigdigang kaunlaran."

Noong 2013, ang eksport ng US sa Africa ay umabot sa $50.2 bilyon, 40% mas malaki kumpara noong 2009. Noong 2014, sinimulan ng rehimeng Obama ang "Doing Business In Africa Campaign." Pinaglaanan ito ng $7 bilyon upang hikayatin ang papalaking pamumuhunan at pageeksport sa Africa. Nasa 75% ng pamumuhunan ng US sa Africa ay sa sektor ng kuryente.

Pinapaspasan ng US ang pagpapalaki ng pamumuhunan nito sa Africa upang hindi labis na makalamang ang China sa pamumuhunan at kalakalan sa Africa. Mabilis na nagpapalawak ang China ng pamumuhunan sa Africa na mula $10 bilyon noong 2000 ay sumirit sa $165 bilyon pagsapit ng 2012, kabilang ang dambuhalang proyektong dam sa Ethiopia.

Itinutulak naman ng gubyernong Obama ang tinagurian nitong "Power Africa". Pakay nitong makapaglagak ng hanggang $300 bilyong pamumuhunan sa larangan ng produksyon ng kuryente hanggang 2030 sa iba't ibang bansa sa Africa.

Gamit ang US Agency for International Development (USAID) at iba't ibang mga ahensya ng gubyerno, inaalalayan ng US ang kumpanyang General Electric (GE) at iba pang malala-

king kumpanya na makapasok sa Ethiopia, Ghana, Kenya, Liberia, Nigeria at Tanzania. Nakatakdang mamuhunan ng hanggang $2 bilyon ang GE sa Africa pagsapit ng 2018.

Nitong Hunyo, dumayo si US Pres. Barack Obama sa mga bansang Tanzania, Senegal at South Africa upang itulak ang ibayong pagpasok ng mga kapitalistang Amerikano sa Africa. Dagdag sa malaking pagpasok ng mga kumpanya sa kuryente, mas agresibong pumapasok na rin ngayon sa Africa ang mga kumpanyang Procter & Gamble, Colgate and Palmolive, Walmart, IBM, Oracle at Microsoft.

Kaalinsabay nito, pinalalakas ng US ang presensyang militar nito sa kontinente. Isinaad ni Obama na ang pagtulak ng pamumuhunang Amerikano sa Africa ay nakasalalay sa "seguridad," ibig sabihin, sa kakayahan nito na magmantine at gamitin ang kapangyarihang militar upang pangalagaan ang interes pang-ekonomya ng mga monopolyo kapitalista.

"Pinalalakas natin ang ating tulungang panseguridad sa mga bansa at institusyong African," anang NSS.

Kasalukuyang napakasaklaw at malawak ang operasyon ng militar ng US sa Africa. Binuo noong 2007 ang US Africa Command (US AFRICOM). Sa nagdaang mga taon, naimbwelto na ang mga pwersang militar ng US AFRICOM sa iba't ibang mga operasyon sa hindi bababa sa 49 sa kabuuang 54 na bansa sa Africa.

Pinararami nito ang mga baseng militar at iba't ibang pasilidad. Pinakamalaki sa mga ito ang sa bansang Djibouti kung saan naka-istasyon ang ikalawang pinakamalaking iskwadron ng mga *drone.* Mayroon din itong malaking base ng mga *drone* sa Niger, at mga katulad na pasilidad sa Seychelles Islands at sa Arba Minch Airport sa Ethiopia.

Kaliwa't kanan din ang mas maliliit na pasilidad ng militar ng US, kabilang ang maraming hindi upisyal na isinasapubliko.

May pakikipagkasundo rin ang militar ng US sa 29 na bansa sa Africa para gamitin ang mga internasyunal na paliparan para sa pagkarga ng gasolina ng mga eroplanong pandigma at mga *drone* ng US. Mayroon itong sampung malalaking pasilidad para sa imbakan ng gasolina sa walong bansa. Sa mga kaayusang nabuo sa mga kasunduang tulad ng EDCA sa Pilipinas, may mga tropang Amerikano rin na naka-istasyon sa loob ng mga kampo ng mga militar ng Ethiopia, Kenya at iba pang bansa.

Kapalit ng pagpayag na magmantine ng presensya ng mga tropa at baseng militar ng US, tumatanggap ang iba't ibang gubyerno sa Africa ng malaking ayuda mula sa US. Nagbibigay ang US ng "ayuda" na katumbas ng kalahati ng badyet ng Burundi, kalahati rin ng badyet ng Ethiopia, halos 40% ng badyet ng Rwanda, at 30% ng badyet ng Uganda, pawang mga bansang laganap ang mga paglabag sa karapatang-tao.

Isinasangkalan ng US ang "kontra-terorismo", pagtugon sa paglaganap ng sakit, tulong sa mga biktima ng sakuna at iba pang dahilan upang malakihang ipakat ang mga mapanakop na tropa nito sa mga bansa sa Africa. Noong 2014, ang kasagsagan ng paglaganap ng sakit na Ebola ay ginamit ng US upang bigyang-matwid ang pagpakat ng 4,000 tropang militar sa Liberia upang diumano'y tumulong sa pagharap sa problemang medikal.

Nito lamang Oktubre, nagpakat ang US ng 90 tropa sa Cameroon para diumano tumulong sa paglaban sa terorismo. Inaasahang aabot ito sa 300 tropa sa hinaharap. Ngayong taon, nagsagawa rin ng mga ehersisyong militar ang US kalahok ang mga tropang militar mula sa Chad, Niger, Nigeria, Cameroon at Tunisia.

Pagnanasa ng US sa pamilihan ng armas ng India

Maagang bahagi pa lamang ng dekada ay natatakam na ang US sa malaki at lumalaking pamilihan ng armas ng India. Idineklara ng NSS na: "Sinusuportahan natin ang papel ng India bilang panrehiyong tagapagbigay ng seguridad", sa hangaring palakihin ang bahagi ng US sa pamilihang ito.

Ang India ang pinakamalaki at lumalaking importer ng mga sandata at sistema ng mga sandata sa buong mundo. Lumaki ng 111% ang kabuuang gastos nito sa pag-aangkat ng sandata mula 2004-2008 hanggang 2009-2013. Noong 2009-2013, 14% ng pangdaigdigang iniimport na sandata ay binili ng India, halos tatlong ulit na mas malaki kumpara sa kasunod na China at Pakistan. Sa 2011-2015, tinatayang gagastos ang India ng $80 bilyon sa pagbili at produksyon ng mga sandata.

Sa nakaraan, ang Russia ang pinakamalaking suplayer ng sandata sa India. Kabilang sa inangkat ng India nitong 2009-2013 ay isang *aircraft carrier*, 90 Su-30 eroplanong pangkombat at 27 eroplanong MiG-29K. Katuwang din ng India ang Russia sa paglikha ng eroplanong T-50.

Subalit mula 2011, naungusan na ng US ang Russia bilang nangungunang suplayer ng armas sa India. Noong 2011-2014, nakapagsuplay ang US ng $5 bilyon sa India, habang $3.9 bilyon ang mula sa Russia.

Hinahabol rin ng US na mapalaki ang bahagi nito sa plano ng India na gumastos ng $250 bilyon sa darating na dekada para sa modernisasyon ng militar sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng lokal na produksyon ng sistema ng mga sandata.

Sa nakaraang mga buwan, inalok ng US ang India ng magkasanib na produksyon ng mga kagamitan at sistemang sandata. Kabilang sa mga ito ang mga pyesa ng mga *drone*, mga magnetikong *catapult* para sa pagpapalipad ng mga eroplano sa mga *aircraft carrier*, bagong sistema sa pagpapalamig ng mga makina, bagong uri ng mga baterya, Javelin na kontra-tangke na misayl, mga helikopter na MH-60 Romeo at mga 127mm na kanyon. AB

Gera kontra-Lumad, walang awat

Sa gitna ng walang awat na gera laban sa mga Lumad, puspusang ipinatutupad ng rehimeng US-Aquino ang kampanya ng panlilinlang alinsunod sa pakanang "whole nation initiative" na nakabalangkas sa Oplan Bayanihan. Kasabay nito ang todo-todong pambabaluktot ng rehimen at militar sa mga pangyayari para sistematikong siraan ang mga Lumad at kanilang mga tagasuporta.

Pamamaslang at tuluy-tuloy na militarisasyon

Noong Setyembre 28, binaril ng nakamotorsiklong kalalakihan si Lito Abion, 44, myembro ng Tagdumahan at aktibistang Banwaon, sa Dona Flavia, San Luis, Agusan del Sur. Ayon sa mga saksi, ang sinakyang motorsiklo ng mga salarin ay parehong sasakyang ginamit sa pagpaslang noong Disyembre 2014 kay Necasio "Agnis" Precioso, kapitan ng Barangay Dalit. Tulad sa kaso ni Precioso, pinaniniwalaang mga elemento ng 29th IB o mga paramilitar nito ang pumaslang kay Abion.

Sa South Mindanao, hinarang ng mga sundalo ang mga titser at istap ng mga eskwelahan ng mga Lumad sa dalawang magkahiwalay na pagkakataon. Noong Oktubre 12, pinigilan ng mga elemento ng 67th IB ang 30 upisyal at myembro ng Mindanao Interfaith Services Foundation Inc (MISFI) na dumalo sa pagbubukas ng kanilang eskwelahan sa Sityo Kasunugan, Mahanog, Baganga sa Davao Oriental.

Noong Setyembre 28, hinarang ng grupong paramilitar na Alamara ang mahigit 100 istap, estudyante at bisita na papunta sa pagdiriwang sa ika-11 anibersaryo ng Salugpongan Ta Ta'nu Igkanugon Learning Center Inc. sa Talaingod, Davao del Norte.

Sa Surigao del Sur, tusong inalok ng Department of Social Work and Development (DSWD) ng relokasyon at pabahay ang mga Manobong nagbakwit mula Diatagon para pigilan silang bumalik sa kanilang mga komunidad. Tinanggihan ito ng mga Lumad dahil batid nilang pakana lamang ito para tuluyan silang itaboy sa kanilang mga lupa at ipaubaya ang mga ito sa interesadong mga dayuhang kumpanya sa pagmimina.

Noong Oktubre 13, nagbakwit tungong Davao City ang 165 Manobong Pulangion para sumilong sa Haran Compound dahil sa tuluy-tuloy na militarisasyon sa Kitaotao, Bukidnon.

Panlilinlang at pambabaluktot

Kasabay ng walang rendang pandarahas, ipinatutupad ng militar at iba't ibang mga ahensya ng estado ang mga pakitang-taong programa at "serbisyo" sa tinukoy nitong mga "balwarte" ng BHB na prayoridad ng Oplan Bayanihan.

Isa rito ang Compostela Valley, na tinagurian ng militar na "numero unong apektadong prubinsya" sa buong bansa. Noong Oktubre 15, inilunsad ng militar, katuwang ang lokal na gubyerno at mga ahensya ng estado, ang "Pambansang Serbisyo Caravan" sa Sityo Mambusao, Barangay Ngan, Compostela sa pangunguna ng pinuno ng Philippine Army na si Gen. Eduardo Año. Isinagawa ang *caravan* sa gitna ng matinding militarisasyon at malalalang paglabag sa mga karapatang-tao sa lugar.

Kasabay ng pakitang-taong paghahatid ng mga "serbisyong sosyal," ibinandera ni Año ang Comprehensive Local Integration Program, ang programa ng pagpapasurender ng mga Pulang mandirigma. Kasama sa "caravan" ang Office of the Presidential Adviser to the Peace Process, mga upisyal ng lokal na pamahalaan, DSWD at ang Philippine National Police.

Gumagamit ang militar at rehimen ng mga bayarang indibidwal at pekeng mga testigo para maglubid ng kasinungalingan laban sa mga Lumad at kanilang kilusan.

Noong Setyembre, iniharap ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang bayarang paramilitar para magpanggap na mga datu sa isang *press conference* para pagtakpan ang kanilang krimen sa masaker na naganap sa Surigao del Sur. Nito namang Oktubre, iniharap sa senado ng AFP, kakutsaba ang National Commission of Indigenous Peoples at iba't ibang ahensya, ang mahigit 40 "datu" para gumawa ng kwento tungkol sa diumano'y mga pamamaslang ng BHB sa mga Lumad na kumakalaban sa rebolusyonaryong kilusan.

Pagtutol at paglaban

Sa harap ng papatinding pang-aatake ng estado, lalong lumalawak at tumatatag ang paglaban ng mga Lumad at ng malawak na sambayanan. Noong Oktubre 13, nagsimula nang maglakbay ang mga Lumad, kasama ang kanilang mga tagasuporta, mula sa iba't ibang bahagi ng Mindanao tungo sa Manila para ilantad at batikusin ang terorismo ng estado sa isla.

Dumating sa pambansang kabisera ang 1,000 manlalakbay noong Oktubre 18 at mananatili hanggang Nobyembre 19 para dalhin ang kanilang protesta sa pagpupulong Asia Pacific Economic Cooperation.

Mula nang lumaganap ang panawagang *#StopLumadKillings* sa buong mundo, maraming grupong nagtatanggol sa karapatang-tao mula sa 21 bansa ang nagpadala ng pormal na hiling sa rehimeng US-Aquino para imbestigahan ang mga pamamaslang. Pormal ring nagpadala ng pagkundena ang mga organisasyong nakabase sa Australia, Austria, Belgium, Brazil, Canada, Germany, Guatemala, Hong Kong, India, Indonesia, Ireland, Italy, The Netherlands, New Zealand, Nigeria, Saudi Arabia, South Korea, South Africa, Switzerland at United Kingdom. AB

Panggigipit at militarisasyon sa Bohol, Samar

Ibinunyag kamakailan ng isang internasyunal na *fact-finding mission* ang panggigipit ng militar, katuwang ang lokal na gubyerno, sa mga magbubukid sa San Vicente, Bohol. Mula pa Hunyo, nagsagawa ng mga operasyong militar ang mga elemento ng 802nd Infantry Brigade at pulis sa mga baryong saklaw ng Hugpong sa Mag-uumang Bol-anon (Humabol o Pagkakaisa ng Magsasakang Bol-anon).

Isa sa mga pinag-initan ng militar ang molinohan ng Humabol sa San Vicente, Trinidad na nagsisilbi sa mga magbubukid sa 30 kalapit na baryo. Mula Hunyo, samutsaring pagtatangka na ang ginawa ng militar para isara ito, kabilang ang pagpapaputol ng kuryente sa pasilidad. Kakutsaba si Gov. Edgar Chatto, gubernador ng prubinsya, nagtayo ang mga sundalo ng detatsment sa mga lupa ng mga magbubukid na malapit sa molinohan.

Kinundena ng *fact-finding mission* ang papel ni Gov. Chatto sa militarisasyon at pang-aatake sa mga magbubukid at kanilang molinohan. Inihambing ito ni Anakpawis Rep. Fernando Hicap, isa sa mga delegado ng misyon, sa pang-aatake ng AFP sa mga eskwelahan ng Lumad sa iba't ibang bahagi ng Mindanao. Ipinunto ni Hicap na ang komun sa dalawa ay ang pagpapatupad ng Oplan Bayanihan.

Ipinatutupad ngayon sa Bohol ang lokalisadong bersyon ng Oplan Bayanihan na tinaguriang Countrywide Development Program-Purok Power Movement (CPD-PPM). Habang militarisado ang mga baryo ng Humabol, ineengganyo naman ni Chatto ang mga magbubukid ng libreng alagang hayop, palay at iba pang binhi kapalit ng kanilang pagliban sa mga aktibidad ng organisasyon.

Liban sa pananabotahe sa Humabol, pinipigilan din ni Chatto ang kabataan na sumapi sa progresibong grupo at sa halip ay nirerekrut sila sa New Guardians for Freedom and Democracy, isang grupong paramilitar na pinatatakbo ng AFP.

"Nakamodelo ang CDP-PPM ni Gov. Chatto sa "whole-of-nation initiative," kung saan magkakakutsaba lahat ng ahensya at pwersa ng gubyerno laban sa mga progresibong organisasyon. Wala na ngang serbisyong naasahan ang mga magsasaka sa gubyerno, aatakehin pa ang mga tagumpay na nakamit nila sa pamamagitan ng kilusang masa," ayon pa kay Hicap.

Isinagawa ang *fact-finding mission* noong Setyembre 20-25 sa pamumuno ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at Asian Peasant Council. Nilahukan ito ng 40 magbubukid at mga tagasuporta mula sa Japan, Indonesia, Pakistan at Sri Lanka.

Samantala, tumitindi ang militarisasyon sa Barangay Mabini, Basey, Samar habang papalapit ang ikalawang anibersaryo ng paghagupit ng Yolanda sa kanilang lugar. Noong Oktubre 10, isiniwalat ng kapitana ng Sityo Burabod ng Mabini na si Leni Sabaniano ang pagkakampo ng mga elemento ng 87th IB sa kanilang eskwelahan at sentro ng kanilang komunidad.

Dahil sa paglalantad ni Sabaniano, binantaan siya at iba pang residente ng baryo ng isang Lt. Col. George Domingo ng 87th IB at sinabihang tigilan na ang pagbubunyag sa okupasyong militar sa kanilang baryo.

Sa naisadokumentong pahayag ni Domingo, sinabihan niyang huwag magsumbong sa radyo ang mga residenteng binansagan niyang mga "tagasuporta ng NPA." Idinawit pa ni Domingo ang mga grupong tagapagtanggol ng karapatang-tao tulad ng Karapatan, na aniya'y myembro ng National Democratic Front. AB

Sibilyan bilang kombatant, doktrina ng US

SA KAGUSTUHAN ng mga propagandista ng estado na palabasing "mga NPA" ang tinatarget nilang mga Lumad at iba pang sibilyan, sadya nilang pinalalabo ang pagkakaiba sa pagitan ng mga sibilyan at mga kombatant.

Idinidiin nila na sinumang "sumusuporta" sa isang panig ay maaaring gawing target ng mga operasyong militar at patayin dahil maaari silang gumampan ng mga tungkuling direktang nagsisilbi sa armadong pwersa tulad ng pagbibigay ng impormasyon, rekurso at masisilungan.

Hindi bago ang ginagawang pagbura sa pagkakaiba ng mga sibilyan sa mga armado para bigyan-matwid ang pananalakay sa buu-buong komunidad at pamamaslang ng mga palabang lider-masa.

Ang ganitong pagkategorya sa mga sibilyan bilang armado o kombatant na dati nang ginagawa at itinuturo ng militar ng US ngayo'y pormal na idinedeklarang doktrina sa panukalang Laws of War Manual ng US Department of Defense na inilabas noong Hunyo. Dati nang may kategorya ang militar ng US na "lawful" (ligal) at "unlawful combatant" (iligal na kombatant) para bigyan-katwiran ang pang-aaresto at detensyon ng napakaraming sibilyan sa "gera kontra-terorismo" nito mula 2001.

Sa panukalang Laws of War, inimbento ng US ang mga bagong kategoryang kombatant na "may pribilehiyo" at "walang pribilehiyo" pa-

(sundan sa pahina 10)

(mula pahina 9)

ra saklawin maging ang mamamayang sangkot sa mga gera sibil at mga tunggalian sa pagitan ng mga estado at grupong lumalaban dito.

Sinasaklaw ng ganitong depinisyon maging ang mga protektadong indibidwal na may natatanging papel sa mga armadong sagupaan tulad ng mga mamamahayag, taongsimbahan at manggagawang medikal. Binabaligtad nito ang matagal nang umiiral na mga pamantayan ng Geneva Convention at iba pang internasyunal na batas na nangangalaga sa mga karapatan ng mga sibilyan sa gitna ng armadong tunggalian sa pamamagitan ng pag-iiba sa kanila sa mga armadong kombatant.

Alinsunod sa doktrinang ito, binabaluktot ng mga upisyal militar at panseguridad ng rehimeng Aquino, kakoro ang bayaran nitong mga propagandista sa akademya at midya, para siraan ang lumalabang Lumad at ang pambansa-demokratikong kilusan. Pinalalabas na makatwiran ang pag-atake sa mga Lumad dahil "nagpapagamit" sila sa "matigas na Kaliwa" na may "sariling adyenda" na hiwalay sa kanilang mga interes.

Ang mga Lumad na organisado at sistematikong kumukundena sa militar at estado ay binansagang "mga NPA na nagbibihis-Lumad." Ang mga pasilidad at serbisyong nakapaloob sa mga teritoryo nila ay awtomatikong "nagsisilbi o pinatatakbo ng NPA," kabilang ang kanilang mga eskwelahan, sakahan, kooperatiba at iba pang panlipunang serbisyong kolektibong pinatatakbo ng komunidad. Ang mga ito'y pinagtutulung-tulungan ng militar at ng mga ahensyang sibil ng estado na wasakin, ipasara o agawin. AB

69 na aktibista sa Cagayan Valley, ginigipit

SINAMPAHAN ng gawa-gawang kasong kriminal ang 69 na lider ng mga pambansa-demokratikong organisasyon at progresibong simbahan na nakabase sa Cagayan Valley nitong Oktubre. Malaking kabulastugan na isa sa mga isinampa laban sa 20 sa kanila ang kasong *kidnapping* kaugnay ng mga Lumad na isinampa rin sa mga aktibista sa Davao City at General Santos City.

Kabilang sa mga sinampahan sina Isabelo Adviento, presidente ng Kagimungan at nominado ng Anakpawis; Femie Galapon, tagapangulo ng National Union of Students in the Philippines-Cagayan Valley; Agnes Mesina, *coordinator* ng Save the Valley at Rural Missionaries of the Philippines; Randy Malayao, *convenor* ng Bayan at bise-presidente ng Bayan Muna para sa Luzon; at Romella Liquigan, koordinador ng Karapatan-Cagayan Valley at Gabriela Women's Party.

Samantala, kinundena ng Kalikasan-People's Network for the Environment ang paniniktik at harasment sa pambansang koordinador nitong si Clemente Bautista. Ayon sa grupo, binuntutan ng mga nakamotorsiklong kalalakihan si Bautista mula sa upisina nito sa Quezon City hanggang Makati City noong Oktubre 13. Bago nito, napansin na ng mga myembro ng Kalikasan ang umaligid na di-kilalang kalalakihan sa kanilang upisina.

Nag-ulat din ng papatinding sarbeylans ang mga myembro ng BUKAL, ang lokal na organisasyong pangkalikasan at kontra-mina sa Lobo, Batangas. Iniulat nito ang pagtatalaga ng 200 sundalo sa mga barangay ng Lobo matapos mapaatras ng mga residente rito ang Egerton Gold Philippines. Nagbahay-bahay ang mga elemento ng Air Force sa Lobo para siraan ang Bukal.

Sa Zamboanga, nilooban ng mga ahente ng militar ang upisina ni Bishop Nercua Ablon sa Tubod, Lanao del Norte noong Oktubre 7. Nagsisilbing tagapangulo ng Karapatan-Western Mindanao si Bishop Ablon. Ninakaw ang kompyuter ng upisina at nag-iwan ng nagbabantang mga mensahe ang mga salarin. Kinundena ng Iglesia Filipina Independiente ang pananakot at panggigipit na itinago sa krimeng pagnanakaw. AB

Pang-uupat ni Obama sa South China Sea

TAHASANG nang-uupat ang US sa China nang ianunsyo ng US Navy noong nakaraang linggo ang plano nitong ilayag ang USS Kidd, isang *destroyer* na barkong pandigma ng US, sa loob ng 12-milyang teritoryong sumasakop sa nilikhang isla ng China sa South China Sea upang diumano'y "subukin ang hangganan ng kalayaan sa paglalayag".

Muli namang nagpakita ang rehimeng Aquino ng kawalan ng sariling tindig nang kaagad nitong sinuportahan ang plano ng US, kahit pa ang katotohana'y lalabagin rin niyon ang teritoryong inaangkin ng Pilipinas. Anang Malacañang, "karapatan ng United States na gamitin ang kalayaan sa paglalayag sa West Philippine Sea at South China Sea".

Pinalalabas ng US na ang "mga operasyon para sa kalayaan sa paglalayag". Ang totoo, bahagi ito ng pagkwestyon sa UNCLOS at paghamon sa karapatan ng mga bansa sa ilalim nito. Ang sinasabi ng US na lumalaking banta ng China sa karapatan sa paglalayag ay malinaw na kabulastugan gayong wala pa ni isang kaso ng hinarang na barko sa karagatang taun-tao'y dinaraanan ng mahigit $5.3 trilyong kalakal.

Ang totoong layunin ng US ay igiit na walang hangganan ang karapatan nito na maglunsad ng mga operasyon kahit sa loob ng mga teritoryong pandagat ng ibang mga bansa. Kaagad tinuligsa ng China ang plano ng US Navy at sinabing handa itong "hambalusin sa ulo" ang anumang dayong pwersang "lalabag sa soberanya ng China". AB

13 kaswalti sa mga aksyong militar ng BHB

Sampung sundalo, dalawang bandido at isang CAFGU ang namatay sa mga aksyong militar na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) mula Setyembre 13 hanggang Oktubre 16 sa mga rehiyong North Central Mindanao at Southern Tagalog. Mahigit 11 sundalo ang nasugatan.

Oktubre 16. Dalawang sundalo ang napatay matapos silang tambangan ng isang yunit ng BHB-Batangas (Eduardo Dagli Command) bandang alas-6 ng gabi sa Barangay Calantas, Calaca, Batangas. Napatay sina Pfc. Jay Lozano at Pfc. Ferrie John Gabica, mga elemento ng 16th IB, ang batalyong kilala sa pamamaslang at paglabag sa karapatang-tao mula nang pamunuan ito ng berdugong si Gen. Jovito Palparan. Pinakahuli sa mga krimen ng yunit na ito ang pagmasaker sa tatlong sibilyan sa Paquibato noong Hulyo.

Setyembre 29. Binigo ng BHB-Eastern Misamis Oriental-North Eastern Bukidnon Subregional Command ang tangkang reyd ng pinagsanib na pwersa ng 58th IB at CAFGU sa isang pansamantalang himpilan ng BHB sa Purok 2, Balahan, Mat-i, Claveria, Misamis Oriental. Isang CAFGU ang namatay habang apat na sundalo ang nasugatan.

Setyembre 22. Isa ang patay at tatlo ang sugatang sundalo ng 1st Special Forces Battalion sa operasyong haras ng isang tim ng BHB-Mt. Kitanglad Subregional Command sa Lantapan, Bukidnon.

Setyembre 13. Dakong alas-8 ng umaga, pinaputukan ng mga myembro ng kriminal na bandidong grupong Licanay ang mga mandirigma ng BHB-Mt. Kitanglad Subregional Operational Command sa magubat na bahagi ng Sityo Tandacul, Lilingayon, Valencia City. Agad na nakaganting-putok ang mga Pulang mandirigma na nagresulta sa pagkasawi ng dalawang bandido.

Ang grupong Licanay ay ginagamit ng AFP para armasan at hikayatin ang kriminal na gawain sa hanay ng mga Lumad. Ang insidente namang ito ang ginagamit ng 4th ID upang maglubid ng kwentong pagmamalupit ng BHB sa mga Lumad sa desperasyong takpan ang kanilang pananagutan sa masaker sa limang Lumad sa Pangantucan, Bukidnon noong Agosto 18.

Naiulat sa nagdaang isyu ng *Ang Bayan* ang pag-aresto ng BHB kay Sgt. Adriano Dela Peña Bengil noong Setyembre 19 at ang ambus noong Setyembre 20 sa Mahagsay, Agusan del Sur kung saan dalawang sundalo ng 26th IB ang napatay. Una na ring naiulat ang operasyong haras noong Setyembre 21 sa San Luis, Agusan del Sur kung saan limang sundalo ang napatay. AB

Isang taong anibersaryo ng pagpaslang kay Laude, ginunita

GINUNITA nitong Oktubre 11 ng iba't ibang mga grupo ang unang anibersaryo ng pagpatay kay Jennifer Laude. Si Laude ang Pilipinang transgender na natagpuang patay sa Celzone Hotel sa Olongapo City, matapos siya dalhin rito ng sundalong Amerikanong si US Marine Joseph Scott Pemberton. Dumanas ng matinding pambubugbog at pahirap si Laude nang siya ay pinatay.

Bilang paggunita, naglunsad ng mga aksyong masa noong Oktubre 9-11 ang iba't ibang grupo sa Metro Manila. Pinangunahan ng Gabriela ang iba't ibang grupo sa pagsindi ng kandila sa UP Diliman, Quezon City noong Oktubre 9, at ang martsa sa embahada ng US sa sumunod na araw. Nagtapos ang mga aktibidad sa isang martsang tinaguriang Vaklash sa Makati City. Pinangunahan ito ng Bahaghari, isang alyansa ng mga LGBTQ *(lesbian-gay-bisexual-transexual-queer*) na binubuo ng iba't ibang grupo ng mga may piniling kasarian.

Sa ibayong-dagat, pinangunahan noong Oktubre 11 ng BAYAN USA North East Queer Caucus kasama ang GABRIELA New York at TransJustice of the Audre Lorde Project ang isang vigil at martsa sa Roosevelt Avenue sa Woodside, Queens. Nilahukan ito ng Anakbayan New York, Anakbayan New Jersey, New York Committee for Human Rights in the Philippines, Ayotzinapa NYC, at ni Miss LGBT Philippines-USA Chelle Lhuillier ng TransPinay.

Maliban sa kanilang panawagang ibilanggo sa Pilipinas si Pemberton, sigaw rin ng iba't ibang mga grupo ang pagpapawalang-bisa sa Visiting Forces Agreement (VFA) at sa Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA), na nagpapahintulot sa pagtigil sa Pilipinas ng mga tropang US tulad ni Pemberton. Sa bisa ng VFA, nananatili si Pemberton sa pangangalaga ng US sa isang pasilidad sa loob ng Camp Aguinaldo kahit nakasuhan na siya. Kalahok si Pemberton sa Philippine-US Bilateral Exercises (Phiblex) sa Olongapo City noong 2014 at nasa pagpapahinga at pag-aaliw nang isinagawa niya ang krimen.

Samantala, ang Phiblex ngayong taon ay nagdalang muli ng 650 tropang US ng 3rd Marine Expeditionary Brigade at ng 31st Marine Expeditionary Unit. Inilunsad ito noong Setyembre 21 hanggang Oktubre 9 sa Palawan, Zambales at Cavite.

Sa pinakahuling balita, ipinag-utos ng Bureau of Immigration noong Oktubre 20 na i-*deport* o pabalikin sa kanyang bansa si Pemberton dahil isa siyang di-kanais-nais na dayuhan, at hindi na maaaring magbalik sa Pilipinas kailanman. Ayon sa abugado ng mga Laude, kailangang pagsilbihan muna niya sa Pilipinas ang sentensya sakaling mahatulan siyang may sala. AB

Ospital sa Afghanistan, binomba ng US

UMANI ng malawak na pagkundena sa buong mundo ang pambobomba ng US sa isang ospital na pinatatakbo ng Doctors without Borders sa Kunduz, Aghanistan noong madaling araw ng Oktubre 3. Hindi bababa sa 22 ang napatay, kabilang ang 12 istap ng ospital, at 37 ang malubhang nasugatan.

Ang walang patumanggang pambobomba ay itinuturing ng maraming mamamayan at institusyon, kabilang ang ilang sangay ng United Nations, na isang krimeng pandigma na dapat panagutan ng US.

Sadyang tinarget ng US ang ospital, taliwas sa pagdadahilan nitong "pagkakamali" lamang ang pambobomba. Sa loob ng kalahating oras, paulit-ulit nitong binomba ang ospital, sa kabila ng desperadong paghingi ng saklolo ng mga doktor at administrador sa lokal na gubyerno ng Afghanistan at kanilang mga kontak sa militar ng US. Dati nang ipinaabot ng Doctors without Borders sa mismong pamahalaang US ang lokasyon ng kanilang ospital, at muli nila itong ibinigay noong inaatake na ang pagamutan ngunit binalewala ito ng militar. Ginamit ng US sa pambobomba ang AC-130 *gunship*, isa sa pinakamakapangyarihang eroplanong pandigma na armado ng dalawang M61 *gattling gun*, isang 40mm *automatic cannon*, isang M102 *howitzer* at dalawang bomba.



Sa isang panahon, idinahilan pa ng US at gubyernong Afghan na ginagamit ng Taliban bilang base ng kumand ang ospital para bigyan-katwiran ang pambobomba. Sa huli, nangako ang US na magsasagawa ng imbestigasyon pero hindi umaasa ang Doctors without Borders na may patutunguhan ito. Sa halip, ipinanawagan ng organisasyon ang independyenteng imbestigasyon ng internasyunal na komunidad.

Isa lamang sa mahabang listahan ng mga krimen ng US ang pambobomba sa Kunduz. Isang linggo bago nito, umabot sa 131 sibilyan na dumadalo sa isang kasalan ang napatay sa Yemen dulot ng *airstrike* ng eroplanong pandigma ng Saudi Arabia na pinasimunuan ng US. Ayon sa Bureau of Investigative Journalism, umaabot na sa 83 ang pang-aatake gamit ang mga *drone* ng US mula ng umpisa ng taon hanggang Setyembre na puminsala na sa 700 sibilyan. AB

US at NATO, sinisi sa krisis ng mga *refugee*

NOONG Agosto, tumambad sa publiko ang kalunus-lunos na kalagayan ng milyun-milyong *refugee* mula sa Middle East, Africa at Asia nang lumabas sa *social media* ang larawan ng bangkay ng isang dalawang-taong batang Syrian na *refugee* na natagpuan ng mga awtoridad sa baybayin ng Turkey . Nalaglag ang bata sa barkong sinasakyan niya, kasama ang kanyang pamilya, habang tinatawid ang Mediterranean Sea. Kabilang sila sa milyun-milyong lumilikas mula sa Syria at sikretong pumapasok sa iba't ibang bansa sa Europe at Middle East.

Ayon sa mga ulat, umaabot na sa 10 milyon o 45% ng kabuuang mamamayang Syrian ang napapalayas mula sa kanilang mga komunidad. Mahigit anim na milyon ang nanatili sa loob ng bansa habang ang apat na milyon ay lumikas na palabas ng bansa. Samantala, libu-libong refugees na rin ang tumatawid ng Mediterranean Sea mula Libya. Liban sa mga napalayas na mga Libyan, mayroong mga *refugee* na nanggaling sa mga bansa sa Africa, tulad ng Senegal, Nigeria at Eritrea. Mayroon ding mga *refugee* na nanggaling sa Pakistan at Bangladesh. Noong Agosto, umaabot na sa 2,643 *refugee* ang namatay habang tinatawid ang Mediterranean Sea.

Kinundena ng International League of Peoples' Struggles (ILPS) ang US at NATO sa papel ng mga ito sa nagaganap na malawakang paglikas ng mamamayan ng Syria at iba pang bansa sa Middle East tungo sa mga karatig-bansa at Europe.

Ayon sa ILPS, may dalawang dahilan kung bakit napakarami ang lumilikas ngayon sa Syria. Una dito ang "walang pakundangang pandarambong ng mga imperyalista sa rehiyon ng Middle East...na nagpapalayas sa mamamayan, nagwawasak sa kanilang kabuhayan at pumupwersa sa kanila na magbakwit tungo sa ibang bahagi ng rehiyon o sa Europe para mabuhay." Pangalawa ang "mga gerang agresyon ng US at NATO (North Atlantic Treaty Organization) at ng mga kontrarebolusyonaryong digma at operasyong *jihadist* na sinusulsulan ng US, UK at Israel... ang mga tangkang pagpapatalsik sa mga nakaupong rehimen sa Syria, Libya, Iraq at Afghanistan..."

Dagdag ng ILPS, ang mamamayang napalayas dahil sa mga gerang imperyalista ay hindi mga migrante, tulad ng pinalalabas ng mga bansa sa Europe at Middle East para tanggihan silang makapasok, kundi mga *refugee.* AB